# WHAT SHAPES US

## Misyon

WEEK 6

### WARM-UP

- Kapag may ibinigay sa iyong trabaho, ano ang una mong reaksyon? Sa tingin mo, bakit ganito ka tumugon?
- Napili ka na ba bilang kinatawan ng isang grupo? Ibahagi ang naging karanasan mo tungkol dito.
- Kung ipagkakatiwala sa iyo ng isang tao ang huli niyang habilin, sa tingin mo, paano mo ito pahahalagahan?

### WORD

*18"Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, dahil pinili niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Magandang Balita. Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na malaya na sila, at sa mga bulag na makakakita na sila. Sinugo rin niya ako upang palayain ang mga inaapi, 19at ipahayag na dumating na ang panahon ng pagliligtas ng Panginoon."* **LUCAS 4:18–19**

Bilang isang iglesya, naniniwala tayo sa misyon ng Diyos na tubusin ang isang bayan para sa Kanya mula sa bawat tribo, bansa, at wika, at ipanumbalik ang lahat ng nilikha para sa Kanyang kaluwalhatian. Si Jesus ay dumating at muling babalik para tuparin ang misyong ito; ito mismo ang sinabi Niya sa talatang binasa natin. Bilang Kanyang mga disipulo, tinatawag Niya tayo hindi lang para ipamuhay ang masaganang buhay na inilaan Niya para sa atin, kundi para rin maging bahagi ng gawaing ito ng Kanyang kaharian. Paano tayo makikibahagi sa gawain ni Jesus at paano natin maisasabuhay ang ating Pahayag ng Pananampalataya?

## 1 Ipahayag ang ebanghelyo.

*Pero paano sila tatawag kung hindi naman sila sumasampalataya sa kanya? At paano sila sasampalataya kung hindi pa sila nakakarinig ng tungkol sa kanya? At paano sila makakarinig kung walang nangangaral?* **MGA TAGA-ROMA 10:14**

Sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo, naranasan natin ang pagtubos mula sa pagkaalipin sa kasalanan at naibalik tayo sa tamang ugnayan sa Diyos. Ang mensahe ng ebanghelyo na nasa atin ang siya ring magdadala ng pagbabago sa mga buhay, magliligtas sa iba, at magbabalik sa kanila sa tamang ugnayan sa Diyos. Ang hamon sa atin ngayon ay dalhin at ipahayag ang ebanghelyo sa ating mga pamilya, mga kaibigan, mga eskwelahan, bansa, at maging sa buong mundo. Sino ang nagbahagi ng ebanghelyo sa iyo? Paano mo naibahagi ang ebanghelyo sa iba?

## 2 Magdisipulo.

*[19]"Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."*
**MATEO 28:19–20**

Habang ipinapangaral natin ang ebanghelyo, namumuhay din tayo kasama ang iba at tinutulungan sila na sumunod sa Diyos at humikayat ng mga tao. Ang huling utos ni Jesus ay ang magdisipulo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila na sumunod sa lahat ng iniutos Niya. Habang tinuturuan natin ang iba at namumuhay kasama nila, nagtitiwala tayo sa ginagawang pagbabago ng Banal na Espiritu sa bawat isa sa atin. Hindi tayo ang bumabago at hindi natin kayang baguhin

ang mga tao, pero pwede natin silang gabayan at akayin papunta sa Diyos. Sino ang kasama mo sa iyong paglalakbay sa pananampalataya? Paano ninyo matutulungan ang isa't isa na isakatuparan ang Dakilang Utos ni Jesus nang magkasama?

## 3 Hangarin ang hustisya ng Diyos at pagpapanumbalik sa mundo.

*[18]Ang lahat ng ito'y gawa ng Diyos na nagpanumbalik sa atin sa kanya sa pamamagitan ni Cristo. At ibinigay niya sa amin ang tungkuling papanumbalikin ang mga tao sa kanya. [19]At ito nga ang aming ibinabalita: Pinapanumbalik ng Diyos ang mga tao sa kanya sa pamamagitan ni Cristo, at hindi na ibinibilang na laban sa kanila ang kanilang mga kasalanan. At kami ang kanyang pinagkatiwalaan na magpahayag ng mensaheng ito.*

**2 CORINTO 5:18–19**

Nang likhain tayo ng Diyos, itinakda Niyang gawin tayong mga kinatawan Niya at tagapagdala ng Kanyang imahe dito sa mundo. Para sa mga nakay Cristo, ang layuning ito ay naibalik na sa atin dahil namatay na tayo sa kasalanan at nanumbalik na sa Diyos. Ngayon ay kinakatawan na natin ang Diyos at tayo ay inatasang maging mga kamay at paa Niya. Dapat tayong maging mabubuting tagapangalaga ng Kanyang nilikha at magpahayag ng pag-ibig, katarungan, habag, at kabutihan ng Diyos sa mundong nasira at nagkasala. Binigyan Niya tayo ng mga natatanging kakayahan upang mapaglingkuran Siya, ang bawat isa, at ang mundo para maipalaganap ang Kanyang kaharian. Paano ka o ang iyong lokal na simbahan nakikilahok sa layuning ito?

## APPLICATION

- May mga humahadlang ba sa pagbabahagi mo ng iyong patotoo at ng ebanghelyo? Paano mo ito malalampasan?
- Sino ang mga taong kasama mo sa pamumuhay nang may pananampalataya at tinutulungan mo para mas makilala ang Diyos? May kakilala ka ba na sa tingin mo ay gusto ng Diyos na gabayan at tulungan mo para mas makilala Siya?
- Sa paanong paraan ka binigyan ng Diyos ng kakayahang maging mga kamay at paa Niya sa mundo? Saan ka kaya Niya tinatawag na gawin ito? Paano mo magagawang sundin ang Diyos sa larangang ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya sa Kanyang Anak na si Jesus dahil sa Kanyang pagmamahal at malasakit na mailigtas ang mundo. Ipanalangin na hindi mo isasantabi ang kaligtasang natanggap mo at sa halip ay maibahagi ito sa iba.
- Humiling sa Diyos ng biyaya at karunungan upang ikaw ay maging tagapagdala ng Kanyang imahe sa mga nakapalibot sa iyo. Ipanalangin na matulungan mo ang iba na sumunod sa Kanya at maging mabuti kang kinatawan ng Kanyang imahe.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong makapaglingkod upang maisulong mo ang kaharian ng Diyos at maging bahagi ka sa pagpapahayag ng Kanyang hustisya at sa pagpapanumbalik sa mundo. Nawa'y makita ng mundo si Jesus sa iyong pananalita at kilos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Pastor Manny Muleta, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.